

PAHAYAG NG PAG-UNAWA PROGRAMA PARA SA MGA MALAYANG PAG-AAMPON

Bibigyan ninyo ng pahintulot ang pag-aampon ng inyong anak sa pamamagitan ng pagpirma sa pahintulot para sa pag-aampon. Ang pagbibigay ng pahintulot ay nangangahulugan na sumasang-ayon kayo sa permanenteng paglalagay ng inyong anak sa (mga) magulang na inaasahang mag-aampon upang palakihin siya bilang sarili niya/nilang anak. Kapag inaprubahan ang petisyon sa pag-aampon, wala na kayong magiging anumang mga karapatan sa inyong anak bilang magulang.

Bago ninyo pirmahan ang form na ito at ang form ng pahintulot para sa pag-aampon, basahin ang bawat nakalakip na mga pahayag nang kumokonsulta sa ahensiya o sa kinatawan ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services).

Tiyakin na magtanong tungkol sa anumang pahayag na hindi ninyo nauunawaan. Labis na mahalagang desisyon ang pagbibigay ng pahintulot sa pag-aampon ng inyong anak. Kailangan ninyong malaman ang lahat ng katotohanan at kahihinatnan bago gumawa ng inyong desisyon.

Mga Tagubilin Sa Kung Paano Kukumpletuhin Itong Pahayag ng Pag-unawa:

BAGO NINYO PIRMAHAN ANG PAHAYAG NG PAG-UNAWANG ITO AT ANG PAHINTULOT PARA SA PAG-AAMPON, MAINGAT NA BASAHIN ANG MGA ITO KASAMA NG KINATAWAN NG AHENSIYA. TIYAKIN NA MAGTANONG NG TUNGKOL SA ANUMANG BAGAY NA HINDI NINYO NAUNAWAAN.

1. *Kumpletuhin lamang ang Pahayag ng Pag-unawang ito pagkatapos ninyong maingat na pag-isipan ang tungkol sa permanenteng paglalagay ng inyong anak at sigurado kayong gusto ninyong ipaampon ang inyong anak sa (mga) magulang na inaasahang mag-aampon at pahintulutan siya/ang mga ito na magpalaki sa inyong anak.*
2. *Maingat na basahin ang bawat pahayag sa dokumentong ito. Kung hindi ninyo nauunawaan ang pahayag, hilingin sa kinatawan ng ahensiya na ipaliwanag ito sa inyo hanggang sa maunawaan ninyo ito nang lubusan.*
3. *Kung nauunawaan ninyo ang pahayag at sumasang-ayon kayo rito, ilagay ang inyong mga inisyal sa linya na nasa tabi ng bilang ng pahayag na iyon.*
4. *Kung hindi kayo sumasang-ayon, o kung hindi ninyo nauunawaan ang pahayag pagkatapos ng pagpapaliwanag ng kinatawan ng ahensiya, huwag lagyan ng inisyal ang linya. Humingi ng karagdagang tulong at panahon para sa paggawa ng inyong desisyon.*
5. *Kung nilagyan ninyo ng inisyal ang lahat ng linya, pumirma sa pahina 5 ng form na ito.*
6. *Makakatanggap kayo ng kopya nitong Pahayag ng Pag-unawa at ang form ng pahintulot para sa pag-aampon kapag nakumpleto na ito.*

KAILANGANG GAMITIN ANG FORM NA ITO KASAMA NG ISA SA MGA SUMUSUNOD NA FORM: AD 1A, AD 1F, AD 165, O KAYA AD 4336

Pamilya:

Haba ng Kasalukuyang Kasal: _____

Pangkalahatang lugar na tinitirhan o, kung hihilingin, ang partikular na tirahan:

Iba pang mga bata at nasa hustong gulang na nakatira sa tahanan ng (mga) magulang na inaasahang mag-aampon:

- ___3. Nauunawaan ko na kung hindi ko pahihintulutan ang pag-aampon, maaari akong pumirma sa isang form para sa Pagtanggap Magbigay ng Pahintulot para sa Pag-aampon (Refusal to Give Consent to Adoption, AD 20) o sumulat sa ahensiya para sa pag-aampon at iuulat ng ahensiya sa hukuman na ayokong ipaampon ang aking anak sa (mga) magulang na inaasahang mag-aampon.
- ___4. Nauunawaan ko na kung hindi ko pipirmahan ang form ng pahintulot para sa pag-aampon, maaari kong hilingin na ibalik sa akin ang aking anak. Kung hindi ibabalik sa akin ng (mga) magulang na inaasahang mag-aampon ang aking anak, maaari kong hilingin sa hukuman na ibalik ang aking anak. Malamang mangailangan ako ng abugado upang tulungan akong gawin ito.
- ___5. Nauunawaan ko na mayroon akong karapatang maghanap ng abugado upang tulungan ako sa proseso ng Malayang Pag-aampon at maaaring pagbayarin ang (mga) magulang na inaasahang mag-aampon nang halaga na hanggang \$500 maliban kung may pagkakasunduan kaming mas mataas na halaga ng nasabing abugado.
- ___6. Nauunawaan ko na maaari kong talakayin ang aking plano sa pag-aampon kasama ng iba pang mga propesyonal na tao, ng aking pamilya at mga kaibigan.
- ___7. Nauunawaan ko na kung hindi ako sigurado kung gusto kong ipaampon ang aking anak, maaari akong ituro ng ahensiya sa iba pang mga lugar na makakatulong sa akin tungkol sa pamilya, pera at iba pang mga problema.
- ___8. Nauunawaan ko na awtomatikong ipapawalang-saysay ang form ng pahintulot para sa pag-aampon kapag natapos na ang 30 araw o kaya kapag pumirma ako ng Pagpapaubaya ng Karapatan upang Bawiin ang Pahintulot (Waiver of Right to Revoke Consent, AD 929), alinman ang mauuna. Ang unang araw ng 30 araw ay ang araw kung kailan pinirmahan ang form ng pahintulot para sa pag-aampon.
- ___9. Nauunawaan ko na kung magbabago ang isip ko pagkatapos pirmahan ang form ng pahintulot para sa pag-aampon, kailangan kong magpadala ng nakasulat na pahayag ng pagbawi ng pahintulot para sa pag-aampon sa California Department of Social Services o sa itinalagang ahensiya para sa pag-aampon, alinman sa mga ito ang nag-iimbestiga ng iminumungkahing pag-aampon, at hilingin na ibalik sa akin ang aking anak. Hindi ko maaaring bawiin ang pahintulot para sa pag-aampon kapag natapos ang 30 araw o pagkatapos kong pirmahan ang Waiver of Right to Revoke Consent (AD 929), alinman ang mauuna. Ang unang araw ng 30 araw ay ang araw kung kailan pinirmahan ang form ng pahintulot para sa pag-aampon.
- ___10. Nauunawaan ko na kapag hindi na mababawi ang pahintulot para sa pag-aampon, maaari kong makuha muli ang kustodiya ng bata kung sasang-ayon lamang ang (mga) magulang na inaasahang mag-aampon na bawiin ang kanya/kanilang petisyon para sa pag-aampon o kung tatanggihan ng hukuman ang petisyon para sa pag-aampon.
- ___11. Nauunawaan ko na ako ang mananatiling may legal na pananagutan para sa aking anak hanggang payagan ng hukuman ang pag-aampon. Kung babawiin, ipapawalang-saysay o tatanggihan ang petisyon para sa pag-aampon, aabisuhan ako ng ahensiya at hihilingin na gumawa ako ng iba pang mga plano para sa bata. Nauunawaan ko na kailangang kong palaging abisuhan ang ahensiya tungkol sa kasalukuyan kong tirahan.

- ___12. Nauunawaan ko na kung sa hinaharap, hihiling ako ng impormasyon sa ahensiyang nag-iimbestiga ng iminumungkahing pag-aampon, kailangang ibigay sa akin ng ahensiya ang lahat ng impormasyon tungkol sa katayuan ng pagpapaampon ng aking anak kasama ang tinatayang petsa kung kailan nakumpleto ang pag-aampon at, kung hindi nakumpleto ang pag-aampon o iniwanan para sa anumang dahilan, isinaalang-alang man muli ang pagpapaampon ng aking anak.
- ___13. Nauunawaan ko na pagkatapos payagan ng hukuman ang pag-aampon ng aking anak, matatapos ang lahat ng karapatan sa mana mula sa mga kamag-anak maliban kung gumawa sila ng mga pag-aayos sa kanilang habilin o sa isang trust na partikular na isinasama ang aking anak. Legal na magmamana ang aking anak mula sa kanyang (mga) magulang na umaampon sa kanya.
- ___14. Nauunawaan ko na maaari lamang maglabas ng kumikilalang impormasyon ang ahensiya para sa pag-aampon mula sa talaan ng kaso para sa pag-aampon kapag:
- A. Hiniling ito ng ilang mga ahensiyang isinaad sa batas dahil kailangan ang impormasyon upang tulungan ang aking anak;
 - B. Pumirma ako at ang aking anak kapag nasa hustong gulang na siya ng mga form na sumasang-ayon sa paglaabas ng kumikilalang impormasyon upang makapag-ayos ng pakikipag-ugnayan;
 - C. Naging 21 taong gulang na ang aking anak, hihilingin ang aking pagkakakilanlan at sumang-ayon ako sa sulat na ilabas ang aking pagkakakilanlan at ang pinakabagong tirahan na nasa mga talaan ng ahensiya para sa pag-aampon;
 - D. Naging 21 taong gulang na ang aking anak at isinaad niya sa sulat na maaari kong kunin ang kanyang pangalan mula sa pag-aampon at ang pinakabagong tirahan ayon sa isinasaad sa mga talaan ng ahensiya para sa pag-aampon at hiniling ko ang impormasyon na ito, o
 - E. Naging 21 taong gulang na ang aking anak at nalaman ng ahensiya para sa pag-aampon na pinatunayan ng batas ang paglalabas ng aking pagkakakilanlan at ng aking pinakabagong tirahan.
- ___15. Nauunawaan ko na anumang oras ay maaari akong magdagdag ng impormasyon tungkol sa sarili ko sa talaan ng ahensiya na nag-iimbestiga sa malayang pag-aampon.
- ___16. Nauunawaan ko na maaaring maglabas ang hukuman ng kumikilalang impormasyon mula sa file ng hukuman para sa pag-aampon, kapag hiniling.
- ___17. Nauunawaan ko na kung sa tingin ko hindi ako sadyang sinabihan ng katotohanan tungkol sa pagpapahintulot sa pag-aampon ng aking anak, mayroon akong tatlong taon kapag natapos ang petsa ng pag-aampon o sa loob ng 90 araw ng pagkakatuklas sa pandaraya, alinman ang mas maaga, na hilingin sa hukuman na isantabi ang pag-aampon ng aking anak.
- ___18. Nauunawaan ko na hindi na ako ang magiging legal na magulang ng aking anak kapag pinayagan ng hukuman ang pag-aampon. Nangangahulugan ito na:
- A. Hindi na ako mananagot para sa pangangalaga ng aking anak;
 - B. Ang (mga) magulang na inaasahang mag-aampon ang magiging (mga) magulang at legal na mananagot para sa pangangalaga ng aking anak; *
 - C. Wala na akong anumang karapatan sa kustodiya, mga serbisyo o kita ng aking anak; at
 - D. Hindi ko na mababawi ang aking anak.

___19. Nakatanggap ako ng sapat na impormasyon tungkol sa (mga) magulang na inaasahang mag-aampon at ng tungkol sa pag-aadjust ng aking anak sa pamilya ng (mga) magulang na inaasahang mag-aampon, at gusto kong ipagpatuloy ang pagpirma sa form ng pahintulot para sa pag-aampon.

___20. Maingat kong pinag-isipan ang tungkol sa mga dahilan para sa pagpigil o pagpapahintulot sa pagpapaampon ng aking anak. Nagdesisyon ako na makakabuti sa aking anak ang pagpapahintulot sa pagpapaampon ng aking anak sa (mga) magulang na inaasahang mag-aampon. Nabasa ko at nauunawaan ang Pahayag ng Pag-unawang ito at ang form ng pahintulot para sa pag-aampon. Hindi ko na kailangan pa ng tulong o panahon upang gumawa ng aking desisyon. Nagdesisyon akong pahintulutan ang pagpapaampon ng aking anak sa (mga) magulang na inaasahang mag-aampon, at kusang-loob at malaya ko itong pinipirmahan.

Ako, si _____, ina/ama ni _____
PANGALAN NG MAGULANG NA NAGBIBIGAY NG PAHINTULOT PANGALAN NG BATA

ay naiintindihan at sumasang-ayon sa mga pahayag na nilagyan ko ng inisiyal sa itaas.

PIRMA NG MAGULANG NA NAGBIBIGAY NG PAHINTULOT	PETSA
---	-------

**SECTION A:
Complete SECTION A if signed in California**

I, _____, an authorized official of _____, have witnessed the signing of this Statement of Understanding by _____ on _____
NAME AND TITLE NAME OF AGENCY NAME OF CONSENTING PARENT DATE

SIGNATURE OF AUTHORIZED OFFICIAL

**SECTION B:
Complete SECTION B if signed outside of California***

***** COMPLETED BY NOTARY PUBLIC *****

The Notary Public must staple the Acknowledgement document to this form and sign and date below.

SIGNATURE OF NOTARY	DATE
---------------------	------

****If signing outside the United States this section must meet with the requirements of California Civil Code Section 1183***

**SECTION C:
Complete SECTION C if signed outside of California in the Armed Forces**

Signed (pursuant to California Civil Code Section 1183.5) in the presence of:

On this the _____ day of _____, 20____ before me, _____, NAME OF OFFICER,
the undersigned officer personally appeared _____, NAME OF PARENT, known to me (or satisfactorily
proven) to be (a) serving in the armed forces of the United States, (b) a spouse of a person serving in the armed forces of
the United States, or (c) a person serving with, employed by, or accompanying the armed forces of the United States
outside the United States and outside of the Canal Zone, Puerto Rico, Guam, and the Virgin Islands, and to be the person
whose name is subscribed to the within instrument and acknowledged that he or she executed the same. And the
undersigned does further certify that he or she is at the date of this certificate a commissioned officer of the armed forces
of the United States having the general powers of a notary public under the provisions of Section 936 or 1044a of Title 10
of the United States Code (Public Law 90-632 and 101-510).

Subscribed and sworn to before me on this _____ day of _____, 20_____.

SIGNATURE OF OFFICER	RANK AND SERIAL NUMBER
BRANCH OF SERVICE	CAPACITY IN WHICH SIGNED